BATAS PARA SA MGA PAMANTAYAN SA TRABAHO
(EMPLOYMENT STANDARDS)
PINOPROTEKTAHAN ANG MGA EMPLEADO

Ang Batas para sa Mga Pamantayan sa Trabaho, 2000 (Employment Standards Act, 2000), na kilala rin na ESA, ay isang batas na nagtatakda ng mga pinakamababang pamantayan para sa mga mabuting kaugalian sa lugar ng trabaho sa Ontario.

Kung protektado kayo ng ESA, hindi kayo puwedeng:

- Takutin
- Sisantihin
- Suspindihin
- Bawasan ng sahod
- Parusahan sa anumang paraan, o
- Pagbantaan na gagawin ang alinman sa mga ito,

ng inyong pinagtatrabahuhan dahil nagtatanong kayo tungkol sa inyong mga karapatan o hinihiling ninyo ang inyong mga karapatan sa ESA.

Ang sabi ng aking pinagtatrabahuhan ay hindi raw ako saklaw ng ESA. Tama ba iyon?

Malamang na protektado kayo ng ESA kung nagtatrabaho kayo sa Ontario. Hindi saklaw ng ESA ang mga empleadong nagtatrabaho sa pamahalaang pederal at ang mga ilang empleado na nasa mga ibang di-pangkaraniwang kategorya. May mga eksepsiyon at mga tuntuning pasadya para sa ilang mga manggagawa na alinsunod sa batas.

Kontakin ang Ministri ng Paggawa (Ministry of Labour) para malaman kung paano kayo protektado ng ESA.

Ano ang mga karapatan ko?

Maraming mga karapatan ang saklaw ng ESA, kabilang ang:

- mga oras ng pagtatrabaho
- itinakdang pinakamababang sahod
- bayad para sa obertaym
- kabayaran ng mga sahod
- mga pista opisyal at bakasyon
- pagliban para sa personal na emergency
- pagliban para sa pagkakasakit sa pamilya
- pagliban para sa pagbubuntis o pag-alaga ng (mga) bata
- pagpapabatid ng pagwawakas sa pagtrabaho

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa inyong mga karapatan alinsunod sa ESA, kontakin ang Ministri ng Paggawa (Ministry of Labour)

Pinarusahan ako dahil hinihiling ko ang aking mga karapatn. Ano ang magagawa ko?

Kung sa palagay ninyo ay pinarusahan kayo ng inyong pinagtatrabahuhan dahil nagtatanong kayo tungkol sa inyong mga karapatan o hinihiling ninyo ang inyong mga karapatan ayon sa ESA, kontakin ang Ministri ng Paggawa (Ministry of Labour) sa lalong madaling panahon.

Matutulungan kayo ng mga tauhan sa Ministri na maintindihan ang inyong mga karapatan, sagutin ang inyong mga katanungan at imbestigahan ang inyong reklamo. Hindi kayo puwedeng parusahan ng inyong pinagtatrabahuhan dahil kinausap ninyo ang Ministri ng Paggawa (Ministry of Labour) tungkol sa inyong mga karapatan.

BIGYAN NG PANSIN: Kailangang kausapin muna ng mga empleadong miyembro ng unyon ang kanilang kinatawan sa unyon bago nila kontakin ang Ministri ng Paggawa (Ministry of Labour) kung sa palagay nila ay linalabag ang kanilang mga karapatan.

Ano ang kakailanganin ko?

Bago kontakin ang Ministri ng Paggawa (Ministry of Labour), pagsikapang tipunin ang anumang impormasyon na may-kinalaman sa inyong trabaho at pinagtatrabahuhan, tulad ng mga pay stub, na maaaring makatulong na ipaliwanag ang inyong problema.

Paano makakatulong ang Ministri ng Paggawa (Ministry of Labour)?

Kung pinarusahan kayo ng inyong pinagtatrabahuhan dahil nagtatanong kayo tungkol inyong karapatan o hinihiling ninyo ang inyong karapatan, puwedeng iutos ng isang Opisyal ng Mga Pamantayan sa Trabaho (Employment Standards Officer) sa inyong pinagtatrabahuhan na magbayad-pinsala sa inyo o ibalik kayo sa inyong trabaho. Puwede ring iutos ng opisyal ang inyong pinagtatrabahuhan na bayaran kayo ng mga sahod na dapat ibayad sa inyo.

Puwede ring ihabla at tikitan ng Ministri ng Paggawa (Ministry of Labour) ang inyong pinagtatrabahuhan. Puwedeng pagmultahin o ipakulong ang inyong pinagtatrabahuhan kung mahatulan siyang may-sala.

Halimbawa:

Natuklasan ni Maria na siya pala ay binabayaran ng mas mababa sa itinakdang pinakamababang sahod. Tinanong niya ang kanyang manager kung bakit ganoon. Pagkalipas ng mga ilang araw, sinesante sa trabaho si Maria.

Sa palagay ni Maria ay sinesante siya dahil nagtatanong siya tungkol sa kanyang mga karapatan alinsunod sa ESA. Tinawagan niya ang Sentro ng Impormasyon para sa Mga Pamantayan sa Trabaho (Employment Standards Information Centre) at ipinaliwanag niya ang kanyang problema. Tinulungan siya ng mga tauhan sa Ministri ng Paggawa (Ministry of Labour) na maintindihan ang kanyang mga karapatan at inimbestigahan ang kanyang reklamo. Nagharap ng reklamo si Maria at ito'y inimbestigahan.

Inutusan ang pinagtatrabahuhan ni Maria na ibalik siya sa kanyang trabaho, bayaran siya ng mga sahod na dapat binayad sa kanya at itaas ang sinasahod niya sa itinakdang pinakamababang sahod.

Kinailangan ba magharap ng claim ?

Kontakin ninyo ang Information Centre para sa Mga Pamantayan sa Trabaho (Employment Standards Information Centre). Maaaring magpasiya kayong magharap ng claim pagkatapos ninyong makipag-usap sa amin.

Ang claim ay isang nakasulat na paliwanag ng inyong reklamo, na mayroon ring mahalagang impormasyon tungkol sa inyo, sa inyong trabaho at sa inyong pinagtatrabahuhan.

Makukuha ang mga claim form mula sa mga ServiceOntario Centre at sa website ng Ministri ng Paggawa.

Walang-bayad ang pagharap ng claim.

Kontakin ang Ministri ng Paggawa (Ministry of Labour)

Tawagan ang Sentro ng Impormasyon ng Mga Pamantayan sa Trabaho (Employment Standards Information Centre) sa 416-326-7160, o 1-800-531-5551 (walang-bayad), o 1-866-567-8893 TTY para sa mga may kapansanan sa pandinig. Kung hindi kayo nagsasalita ng Ingles o Pranses, maghanap ng nakapagsasalita nito at panatilihin sila sa tabi ninyo kapag tumawag kayo.

Bisitahin ang seksyon ng Employment Standards sa website ng Ministri ng Paggawa: www.labour.gov.on.ca upang makuha ang mga online na publikasyon na nagbibigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga saligang karapatan na protektado ng ESA.

Ipinagkaloob itong impormasyon bilang isang serbisyo sa publiko. Bagamat pinagsisikapan naming tiyakin na pangkasalukuyan at tama ang impormasyon, nagkakaroon rin ng mga pagkakamali paminsan-minsan. Kaya hindi namin magagarantiya na tama ang impormasyon. Kailangang tiyakin, kung maaari, ng mga bumabasa nito na totoo nga ang impormasyon bago sila kumilos.

esa
employment standards act

©Queen's Printer for Ontario, 2008
Printed in Canada
ISBN 1-4249-1315-2 (Print)
ISBN 1-4249-1316-0 (HTML)
ISBN 1-4249-1317-9 (PDF)

Filipino
"Protecting Employees" is also available in English, French, and other languages.
« Protection des employés » est également disponible en anglais, en français et en d'autres langues.